8th Story


# Pinagaling ang anak ni Jairo na dinudugo

The Sick and Sleeping


www.kidsworship.kr

# Pinagaling ang anak ni Jairo na dinudugo

– 8th Story –



| | |
|---|---|
| Narrator | Si Hesus at ang kanyang mga alagad ay naglakbay patungo sa kanyang bayan sa Nazaret. Doon, maraming tao ang nag-tipon-tipon upang makinig sa kanyang mga turo. Nagtuturo Siya sa isang araw sa isang burol, nang biglang may gumam-bala sa kanya. |
| Jairus the Ruler | PANGINOON! Panginoon! |
| Narrator | Ang pangalan ng lalaki ay Jairo , at siya ay pinuno sa lokal ng sinagoga. |
| Jairus | Aking Panginoon, Ang anak kong babae. Siya··· siya···siya ay malapit ng mamatay. Ngunit, ngunit naniniwala ako kung sasama ka sa akin at ilalagay mo ang iyong kamay, siya ay gagaling. |
| Hesus | Pupunta na ako |
| Narrator | Sumunod si Jesus kay Jairo at isang malaking pangkat ng mga taong tinuturuan niya ay sumunod din. Sa grupo ay may isang babae. Siya ay may sakit sa loob ng 12(labing-dal-awang) taon na! Nais niyang pagalingin siya ni Jesus. Ang daan ay napupuno ng mga tao, kaya gumapang ang babae upang makadaan. Gusto niyang hawakan si Hesus. Inaasah-an niya na kung mahawakan lamang niya ito, sapat na upang gumaling siya. At nang hawakan niya ang kanyang damit, lumingon si Jesus. |
| Jesus | Sino ang humawak sa akin? |
| John | Ano po-? |
| Crowd Person 1 | Ah··· Hindi ako |
| Crowd Person 2 | Hindi po ako Panginoon··· |
| Crowd Person 3 | Hindi ko iyon ginawa |
| Peter | Guro, nakikita mo po ba ang lahat ng mga taong ito. Malapit silang lahat sa iyo. Masikip dito. Bakit mo po nata-nong kung sino ang humipo sa iyo? |
| Narrator | Naramdaman ni Jesus ang lakas ng pagpapagaling na umalis sa Kanyang katawan. Alam niya na pinagaling niya ang taong humipo sa Kanya. Habang nakatingin siya sa paligid, isang babae ang lumapit at yumukod kay Jesus |



| | |
|---|---|
| Woman | Ako po, aking Panginoon. Ako ang humipo sa iyo. Ako ay may sakit sa loob ng labing dalawang taon. Nagpunta ako sa maraming mga doktor at wala silang nagawa upang makatulong sa akin. Wala na akong pera. Alam ko kapag nakitakita ngayon…. at kung mahawakan kita, ako ay gagaling . |
| Jesus | babae, huwag kang sumuko. Pinagaling ka ng iyong pananampalataya. Maging payapa ka. Malaya ka na sa iyong pagdurusa. |
| Woman | Maraming salamat po. Salamat po, Panginoon ko! |
| Narrator | Sumunod si Hesus kay Jairo sa kanyang bahay. Nang makarating sila doon, isang lingkod ang lumapit kay Jairo. |
| Jairus House worker | Panginoon ko, Ang iyong anak… siya ay namatay na. Hindi na siya matutulungan ng guro. |
| Jairus | Hindi! |
| Jesus | Huwag kang matakot, Jairo. Maniwala ka lang. Pedro, Santiago, at Juan, nais ko sumama kayo sa amin. |
| Crowd | Hay! Tara na |
| Narrator | Kaya't si Jesus at ang kanyang mga alagad ay sumunod kay Jairo sa kanyang tahanan. Pagdating nila doon, maraming mga tao ang umiiyak. |
| Crying crowd | Huhuhuhhu! Patay na siya! Ang bata pa niya, ngunit siya ay namatay na. Hindi ako makapaniwala, Napakabata niya pa~~~ |
| Jesus | Bakit kayong umiiyak lahat? Ang batang ito ay natutulog lamang. |
| Narrator | Nang sabihin ito ni Hesus, lahat ay nagtawanan at nagalit sakanya. |
| Crowd | Nagbibiro ka ba?  Wala kang galang!!!!! Patay na siya! |
| Jesus | Makinig kayo! Kayong lahat ay lumabas! Gusto kong ang mga magulang ng batang babae at mga alagad ko lamang ang mananatili dito. |
| Crowd people | Hoy sino ka ba sa palagay mo? "Natutulog lamang"? Nagpapatawa ka ba!? |
| Jesus | Ilang taon na ang batang babae? |
| Jairus wife | Siya ay labing dalawang taong gulang lamang. Ang pangalan niya ay “Ava” |
| Jesus | Ava, sinasabi ko saiyo, tumayo ka! |
| Narrator | Pagkatapos sabihin ito ni Hesus, ang batang babaeng si ava ay tumayo at naglakad |
| Jairus and his wife | Ava! Ava! Puhirin ang Panginoon! Salamat! Maraming salamat! |
| James, John, Peter | Wow!!! Isang kamangha mangha! Miragulo! |



| | |
|---|---|
| Jesus | Ang inyong pananampalataya ang muling bumuhay sa kanya. Makinig, hindi ko nais sabihin sa mga tao tungkol sa kung ano ang nagawa ko dito. Seryoso ako kapag sinabi ko sa iyo na huwag pag-usapan ito. Naiintindihan niyo ba? |
| Jairus, wife | Naiintinidhan po namin |
| Jesus | Kayo din ba? |
| James, John, Peter | Oh.. Uh.. Opo. Sige po.. |
| Jesus | Salamat. Ngayon, sa palagay ko ay kailangan niyo na siyang bigyan ng makakain. |
| Narrator | Matapos umalis si Hesus at ang kanyang mga alagad sa bahay ni Jairo, ang balita tungkol sa ginawa niya para sa anak na babae ni Jairo ay kumalat sa buong lupain, at maraming mga tao ang nagtaka at namangha kung sino ang taong ito na si Hesus. |

"At sinabi niya sa babae" Pinagaling ka ng iyong pananampalataya. Maging mapayapa ka. Malaya ka na sa iyong pagdurusa." Mark5:34